Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VII - CENTRAL VISAYAS
DIVISION OF CITY SCHOOLS - TAGBILARAN CITY

**Office of the Schools Division Superintendent**

DIVISION MEMORANDUM
No. 275 , s. 2022

Agosto 1, 2022

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022**

Para sa mga : Punongguro ng mga Paaralan

1. Alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, ang Tanggapang ito ay nakikiisa sa pagdiriwang ng BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022, mula ika -1 hanggang ika- 31 ng Agosto. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay " Filipino at mga Katutubong Wika: Kasangkapan sa Paglikha at Pagtuklas".

2. Kaugnay nito, ang sumusunod ay ang mga itinakdang gawain:

| Petsa | Mga Gawain | Venue |
|---|---|---|
| Agosto 8, 2022 | Panrehiyong paglulunsad ng Buwan ng Wika | Facebook Live |
| Agosto 9, 2022 | Pandibisyong paglulunsad ng Buwan ng Wika | Facebook Live/Tagb. DepEd Tayo |
| Agosto 8-30, 2022 | Pagsasagawa ng Phil-IRI/EGRA/ ORVT | |
| Agosto 27-28, 2022 | Muling Pagsasaayos ( Retooling) ng PRIMALS | |
| Agosto 31, 2022 | Pandibisyong Paligsahan | Tagbilaran City Central AV Hall |

3. Para sa paglulunsad na gawain, ang bawat paaralan ay inaasahang magsubmite ng school logo, larawan ng prinsipal at landscape format 5 minutes video entry sa o bago ang Agosto 6 kay Hazel May Baliguian.

4. Ang bawat paaralan ay hinihikayat na maglagay ng poster o tarpaulin para sa isang buwang pagdiriwang.

5. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang mga kalakip.

6. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap nito.

**JOSEPH IRWIN A. LAGURA PhD**
Schools Division Superintendent
Office of the Schools Division Superintendent

Address: Dampas District, Tagbilaran City, Bohol
Telephone Nos.: (038)427-1702; (038)427-2506; (038)422-8177; (038)427-6718; (038)544-2147
Email Address: tagbilarancity.division@deped.gov.ph

JIAL/MKP/OFFICE/INITIALS OF THE HEAD/initials of the encoder

Kalakip 1

**PAMBUNGAD NA GAWAIN**
**Agosto 9, 2022**

Mga Kalahok : Mga Guro ng Paaralan

| Itinalaga na Pagtatanghal | Paaralan |
|---|---|
| Sabayang Pagbigkas | Manga ES, Tiptip ES, Ubujan ES |
| Sabayang Pagtula | Booy ES, Taloto ES, Booy South ES |
| Awiting- bayan | DCPNHS |
| Balagtasan | TCCES |
| Sabayang Pagtula | Mansasa NHS, TCSHS, San Isidro NHS Cogon Evening HS, Manga NHS |
| Balitaw | Cogon ES, Eastern Cogon |
| Interpretatibo | TCCES-SPED |
| Pantomine/ Talumpati | Dampas ES, Mansasa ES, City East ES, Bool ES |
| Katutubong Sayaw | San Isidro ES, Dao ES, Cabawan ES |

**MGA KOMITE SA PANDIBISYONG PALIGSAHAN**

**Agosto 31, 2022**

| | |
|---|---|
| Tagapagdaloy | : Nerissa Boniel, Marivic M. Cadenas |
| Trivia | : Irish Wong, Aileen Balijon |
| Rehistrasyon /Attendance | : Annalou Eusenia, Nora L. Soloterio |
| Paghahanda /Pagtitipon ng Tab /score sheet/ Recorder | : April Glee Adag, Aly Marie Cajilog, Cindy Cordenillo |
| Snacks/Food | : Esmerlada Ortega, Ma. Claire Fudalan |
| Venue at Dekorasyon | : Rowena Padreganda |
| Medal at Sertipiko | : Annabelle Pergamino |
| SUKLAS (writing area) | : Mansasa ES, Bool ES |
| Waiting area (JHS/SHS) | : DCPNHS, Mansasa HS |

Kalakip 2

## PATNUBAY AT PAMANTAYAN SA PANDIBISYONG PAGTATANGHAL

A. Madulang Pagkukuwento

1. Ilsa ang kalahok ng bawat paaralan mula sa Key Stage 1
2. May isang kuwento na gagamitin na ibigay ng taga organisa 2 linggo bago ang araw ng paligsahan
3. Walang anumang epektong teknikal na gagamitin tulad ng musika o tunog sa pagtatanghal. Wala ring gagamiting larawan o sining biswal.
4. Ang hatol ng hurado ay pinal at hindi mapasusubalian.

Kakayahan sa pagbigkas - 20 %
Nilalaman at kaayusan ng lohika ng mga pangyayari - 25 %
Kakayahan sa pagbabago ng boses - 20 %
Kahusayan sa pagbibigay buhay sa papel na ginagampanan – 30 %
Kasuotan - 5 %

Kabuuan = 100 %

B. Sulat Bigkas ng Tula

1. Isang mag-aaral ang kalahok mula sa Key Stage 2 ng paaralan
2. Ang kalahok ay bubuo ng malayang tula na may 4 na saknong
3. Ang paksa o tema ng tula ay ibibigay ng taga organisa sa panahon ng pagtatanghal
4. May isang (1) oras na ilalaan para sa pagsulat
5. Ang komite ang mag zerox ng tatlong kopya para sa hurado
6. Ang hatol ng hurado ay pinal at hindi mapasusubalian.
7. Ang kalahok ay naka Filipino attire

Pagsulat

Mabisang nabuo ang mensahe ng tula - 20 %
Angkop at wasto ang mga salitang ginamit sa pagbuo ng tula – 20 %
Kalinisan at wastong gramatika - 10 %

Pagtanghal :

Maliwanag na nabigkas at malapatan ng wastong himig ang tula - 25 %
Naiangkop ang tinig sa damdamin at diwa ng tula - 20 %
Kasuotan - 5 %
Kabuuan : 100 %

C. Interpretatibong Pagbasa

1. Isang mag-aaral ang kalahok mula sa Key Stage 3 ng paaralan
2. Ang piyesa ay mula sa tagapag-organisa at ibibgay sa takdang araw ng paligsahan
3. Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay interpretasyon

4. Bigyan ng 10 minuto ang kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon
5. Malaya ang kalahok na baguhin ang pagkasunod-sunod ng babasahing mga akda
6. Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa
7. Ang kalahok ay namamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal sa iba pang kalahok, samantalang ang kasunod na kalahok ay namamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin
8. Walang props o kagamitan, background music at instrument na dadalhin
9. Iikot ang interpretasyon sa piyesa at walang adlib
10. Ang kalahok ay naka Filipino attire

| | |
|---|---|
| Pagpapalutang ng diwa at pagbibigay diin sa damdamin | - 35 % |
| Pagbibigay buhay sa tauhan | - 30 % |
| Matatas at maliwanag ang pagbigay ng mga salita | - 20 % |
| Naipakita ang lakas at taginting ng tinig | - 10 % |
| Kasuotan | - 5 % |
| Kabuuan = 100 % | |

D. Dagliang Talumpati

1. Ang kalahok ay isang mag-aaral mula sa Senior High ng paaralan
2. Ang tema o paksa ay ibibigay sa takdang araw ng pagtatanghal
3. May 3 minutong nakalaan sa pagtatanghal
4. Bigyan ng 5 minuto ang kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon
5. Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aralan naman ng susunod na kalahok ang paksa
6. Ang kalahok ay namamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal sa iba pang kalahok, samantalang ang kasunod na kalahok ay namamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin
7. Ang kalahok ay naka formal o executive attire

| | |
|---|---|
| Maayos na nailahad ang paksa | - 40 % |
| Matatas at maliwanag ang bigkas ng salita | - 30 % |
| Kakayahang sa pagtatanghal ng kilos, galaw atkumpas | - 20 % |
| Kasuotan | - 10% |
| Kabuuan = 100 % | |

E. Paglalahad ng Konseptong Papel

1. Ang kalahok ay mula sa Senior High School
2. Ang kalahok ay maghanda ng ppt ng kanyang ng kanyang pananaliksik at 3 kopya ng presentasyon para sa mga hurado.
3. Ang konseptong papel ng pananaliksik ay orihinal
4. Ang kalahok ay naka formal o executive attire.

| | |
|---|---|
| Nilalaman | - 30 % |
| Kaangkupan ng ideya | -30 % |
| Presentasyon | -30 % |
| Kasuotan | - 10 % |

Kauuan = 100 %

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VII - CENTRAL VISAYAS

Office of the Regional Director

JUL 26 2022

REGIONAL MEMORANDUM
No. 0645 , s. 2022

# PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022

Para sa mga: Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang Kagawaran ng Edukasyon, sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2022 mula ika- 1 hanggang ika – 31 ng Agosto. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay "Filipino at Mga Katutubong Wika: Kasangkapan sa Paglikha at Pagtuklas".

2. Kaugnay nito, nagtatakda ang Tanggapan ng Patnugot ng Rehiyon sa pangunguna ng Curriculum and Learning Management Division (CLMD) ng mga gawaing pangwika para sa taong ito.

3. Ang mga sumusunod ay ang mga itinakdang gawain:

a. Elementarya
   1. MADULANG PAGKUKUWENTO – para sa mga mag-aaral mula sa Baitang 1 - 3
   2. SULAT-BIGKAS NG TULA (SULKAS TULA)- para sa mga mag-aaral mula sa Baitang 4 -6.

b. Sekundarya
   1. INTERPRETATIBONG PAGBASA – para sa mga mag-aaral mula sa Baitang 7-10
   2. DAGLIANG TALUMPATI – para sa mga mag-aaral mula sa Senior High School (Baitang 11 o 12)
   3. PAGLALAHAD NG KONSEPTONG PAPEL NA PANANALIKSIK – para sa mga Senior High School (Baitang 11 o 12)

4. Inaasahan na isasakatuparan ng bawat sangay o dibisyon ang mga gawain kaalinsabay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Ang lahat na mga Pandibisyon na Tagamasid ay magsusumite ng ulat kaugnay sa pagdiriwang sa pamamagitan ng 5-10 minuto na video sa ikalawang linggo ng Setyembre 2022.

5. Dagdag nito, iniimbitahan ang lahat na mga dibisyon na sumaksi sa panrehiyong paglulunsad ng Buwan ng Wika sa pamamagitan ng Facebook Live sa darating na 8 Agosto 2022 na pangungunahan ng Sangay ng Negros Oriental.

6. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap nito.

for:

**SALUSTIANO T. JIMENEZ EdD, JD, CESO V**
Direktor IV
Rehiyunal na Direktor

STJ/CAF/CLMD/MJCD/afp

**Address:** Doña M. Gaisano St., Sudlon, Lahug, Cebu City
**Telephone Nos.:** (032) 231:1433; (032) 414-7399
**Email Address:** region7@deped.gov.ph